







DISTRICT I



HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor


HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor


HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor



HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor



HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor



HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II


HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor



HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor


HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor


HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor


HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor



HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor


HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President


HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

CITY ORDINANCE NO. CO 76-2020
Series of 2020

ISANG ORDINANSA NA NAGPAPATAW NG MULTA O IBA'T-IBANG URI NG COMMUNITY SERVICE LABAN SA SINUMANG LALABAG SA MGA PATAKARAN HINGGIL SA COMMUNITY QUARATINE NA ILALABAS O INILABAS NG PAMAHALAAN NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, NG PAMAHALAAN LALAWIGAN NG CAVITE, O NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG BACOR, CAVITE.

Iminungkahi ni:

ATTY. Khalid A. Atega Jr.

Ipinanukala nina:

KGG. ROBERTO L. ADVINCULA, KGG. MIGUEL N. BAUTISTA, KGG. ROWENA BAUTISTA MENDIOLA, KGG. LEANDRO A. DE LEON, KGG. MAC RAVEN ESPIRITU, KGG. ADRIELITO G. GAWARAN, KGG. VICTORIO L. GUERRERO, JR., KGG. ALEJANDRO F. GUTIERREZ, KGG. HERNANDO C. GUTIERREZ, KGG. ROBERTO R. JAVIER, KGG. GAUDENCIO P. NOLASCO, KGG. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN, KGG. REYNALDO D. PALABRICA AT KGG. MICHAEL E. SOLIS.

SAPAGKAT, ang pinsalang dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) sa buhay at kabuhayan ng bawat tao sa mundo ay walang katulad sa kasaysayan.


SAPAGKAT, dahil sa matinding pinsala sa pampublikong kalusugan na dulot ng COVID-19, isinapailalim ni Pangulong Rodrigo R. Duterte ang buong Luzon sa isang Enhanced Community Quarantine (ECQ) simula noong 16 Marso 2020.


SAPAGKAT, sa pamamagitan ng Executive Order No. 112, series of 2020, binigyan ni Pangulong Duterte ng kapangyarihan ang bawat local government unit ng kapangyarihan na ipatupad ang nabanggit na enhance community quarantine, o iba pang uri ng community quarantines (gaya ng general community quarantine) nang naaayon sa batas at sa mga kautusan ng national government tungkol sa paglaban sa COVID-19.


SAPAGKAT, ang mga kautusang inilabas ng national government hinggil sa community quarantine at sa iba pang patakaran hinggil sa paglaban sa COVID-19 ay walang kaakibat na kaparusahan kung kaya't




DISTRICT I



HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor


HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor



HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor



HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor



HON. VICTORIO M. GUERRERO, JR.
City Councilor



HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II


HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor



HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor


HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor


HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor


HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor


HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor



HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President


HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:


ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:


HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:


HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

nahihirapan ang mga opisyal ng pamahalaang lungsod na ipatupad ang mga ito.

DAHIL DITO, at bunsod ng marubdob na pagnanais na makatulong sa pambansang kilusan laban sa COVID-19, nagkakaisang inaprubahan ng mga kasapi ng Ikaapat na Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite ang ordinansang ito:

Section 1. **Maikling Pamagat.** Ang ordinansang ito ay kikilalanin na "**COMMUNITY SERVICE ORDINANCE AGAINST COVID-19 OF BACOR**".

Section 2. **Kaparusahan.** Ang sinumang lalabag sa mga patakaran o kautusan na inilabas o ilalabas ng sinumang opisyal ng national government, ng Cavite provincial government, o ng city government ng Lungsod ng Bacoor, Cavite na awtorisadong maglabas ng mga nabanggit na patakaran o kautusan hinggil sa enhanced community quarantine o iba pang uri ng quarantine sa loob ng nasasakupan ng Lungsod ng Bacoor na nasa wastong edad o pag-iisip ay pagmumultahin ng P5,000.00 matapos na masentensyahan ng hukuman. Subalit kung ang lumabag sa nabanggit na patakaran o kautusan ay aamin sa kanyang pagkakasala sa pamamagitan ng isang sinumpaang salaysay at papayag na hindi na siya sampahan ng kaso sa hukuman, ang multang babayaran niya ay P2,000.00 na lamang.


Kung ang lalabag sa anumang patakaran o kautusan na nabanggit ay isang menor de edad o kaya ay isang taong wala sa tamang pag-iisip, ang kanyang magulang o legal guardian ang siyang pagmumultahin ng P5,000.00 matapos na masentensyahan ng hukuman. Subalit kung ang magulang o legal guardian ng menor de edad o ng taong wala sa tamang pag-iisip na lumabag sa nabanggit na patakaran o kautusan ay aamin sa pagkakasala ng kanyang anak o alaga sa pamamagitan ng isang sinumpaang salaysay at papayag na hindi na siya sampahan ng kaso sa hukuman, ang multang babayaran niya ay P2,000.00 na lamang.


Ang business permit at health permit ng mga business establishments na lalabag sa mga patakaran o kautusan na inilabas o ilalabas ng sinumang opisyal ng national government, ng Cavite provincial government, o ng city government ng Lungsod ng Bacoor, Cavite na awtorisadong maglabas ng mga nabanggit na patakaran o kautusan hinggil sa enhanced community quarantine o iba pang uri ng quarantine sa loob ng



DISTRICT I



HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor


HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor



HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor



HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor



HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor



HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II


HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor



HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor


HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor


HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor


HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor


HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor


HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President


HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor


nasasakupan ng Lungsod ng Bacoor ay isususpende at ang nabanggit na establisyemento ay hindi papayagang magbukas sa loob ng animnapung (60) magkakasunod na araw. Bukod pa dito, ang may-ari ng nabanggit na establisyemento at ang lahat ng mga empleyado niya na nagtatrabaho sa lugar kung saan naganap ang paglabag ay sapilitang dadalo sa isang seminar hinggil sa COVID-19 at kung paano ito pipigilang kumalat. Ang bawat taong dadalo ssa nabanggit na seminar na pamumunuan ng City Health Office ay magbabayad ng seminar fee na nagkakahalaga na Five Hundred Pesos (Php 500.00) sa City Treasurer's Office. Ang sinumang hindi dadalo, hindi tatapos, hindi maayos na lalahok sa nabanggit na seminar, manggugulo habang nagaganap ang seminar, o kaya ay hindi makikinig sa mga tagapagsalita sa nabanggit na seminar ay sapilitang gagawa ng alinman sa apat na uri ng community service na nakasaad sa ibaba.


Ang sinumang lalabag sa mga patakaran o kautusan na inilabas o ilalabas ng sinumang opisyal ng national government, ng Cavite provincial government, o ng city government ng Lungsod ng Bacoor, Cavite na awtorisadong maglabas ng mga nabanggit na patakaran o kautusan hinggil sa enhanced community quarantine o iba pang uri ng quarantine sa loob ng nasasakupan ng Lungsod ng Bacoor na hindi kayang magbayad ng multa ay sapilitang gagawa ng alin man sa mga sumusunod na community service:


1. Pagtulong sa pag-iimpake at sa pamimigay ng mga relief goods sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw sa ilalim ng superbisyon ng punong barangay kung saan naganap ang paglabag;
2. Pagtulong sa pamimigay, pagkakalap, paggawa, o pagpapaskil ng mga forms, brochures, posters, o anumang patalastas sa publiko sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa ilalim ng superbisyon ng punong barangay kung saan naganap ang paglabag;
3. Paglilinis sa iba't-ibang pampublikong lugar sa anumang bahagi ng Lungsod ng Bacoor sa loob ng apat (4) na magkakasunod na araw na tatagal ng walong (8) magkakasunod na oras bawat araw sa ilalim ng superbisyon ng City Environment and Natural Resources Office (CENRO) ng Lungsod ng Bacoor o sa barangay




DISTRICT I



HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor


HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor


HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor



HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor



HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor



HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II


HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor



HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor


HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor


HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor


HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor


HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor



HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President


HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:


ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:


HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:


HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

kung saan lumabag sa superbisyon ng Punong Barangay;

Section 3. Paggalang sa Karapatang Pantao. Ang lahat ng mga opisyal ng pamahalang lungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite pati na ang mga myembro ng Philippine National Police na nakatalaga sa Lungsod ng Bacoor at mga ahente ng iba pang national agencies na nakatalaga sa Lungsod ng Bacoor na magpapatupad ng ordinansang ito ay inutusan na igalang ang karapatang pantao ng sinuman na masasaklawan ng ordinansang ito. Bilang susog sa kautusang nabanggit, ang paraan ng pagpapataw ng anumang community service na nabanggit sa Section 2 ay dapat haluan ng pang-unawa, kababaang loob, at paggalang. Walang sinumang opisyal ng pamahalaan ang maaaring gamitin ang ordinansang ito upang insultuhin, saktan, hiyain, o kaya ay gawing katatawanan ang sinumang tao na masasaklawan ng ordinansang ito.

Section 4. Agarang Inquest at Detention. Ang sinumang lalabag sa ordinansang ito na nasa wastong gulang at may tamang pag-iisip, o ang mga magulang o legal guardian ng sinumang menor de edad o taong walang tamang pag-iisip na labag sa ordinansang ito, ay haharap sa inquest proceedings ng City Prosecutor's Office at ipipiit sa pinakamalapit na piitan o detention center na tinalaga ng pamahalaang lungsod ng naayon sa mga umiiral na batas at patakaran ng Department of Justice.


Section 5. Pagtatalaga ng Karagdagang Detention Centers. Ang Punong Lungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite ay binibigyang kapangyarihan na magtatalaga ng mga karagdagang detention centers sa pamamagitan ng isang Executive Order kung sakaling ang mga kasalukuyang detention centers sa loob ng lungsod ay puno na o kaya ay delikado nang gamitin dahil sa pagkalat ng COVID-19 sa mga nakabilanggo dito.


Kaugnay nito, binibigyang kapangyarihan ang Punong Lungsod na gawing pansamantalang detention center ang anumang covered basketball court o gusali na pag-aari ng pamahalaang lungsod na angkop na gawing pansamantalang piitan ng mga lalabag sa ordinansang ito batay sa nagkakaisang rekomendasyon ng Hepe ng Bacoor City Police Station, ng City Health Officer, ng City Engineer, at ng City Prosecutor ng Lungsod ng Bacoor.





DISTRICT I



HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor


HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor



HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor



HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor



HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor



HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II


HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor



HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor


HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor


HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor


HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor


HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor



HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President



HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:


HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

Section 6. **Implementing Guidelines.** Ang City Legal Officer ay binibigyan ng tatlumpong araw (30 days) mula sa effectivity date ng ordinansang ito upang gawin ang implementing guidelines nito.

Section 7. **Suspendidong Implementasyon ng mga Sumasalungat na Ordinansa.** Ang implementasyon ng mga probisyon ng mga umiiral na ordinansa ng Lungsod ng Bacoor na hindi akma o sumasalungat sa mga probisyon ng ordinansang ito ay pansamantalang sinususpende habang wala pang epektibong bakuna laban sa COVID-19 o habang ang anumang bahagi ng lungsod ay nasa ilalim ng anumang uri ng quarantine dahil sa COVID-19.

Section 8. **Separability Clause.** Sakaling ang anumang probisyon ng ordinansang ito ay ideklarang labag sa batas ng anumang hukuman, patuloy na magkakabisa at mananatiling epektibo ang mga probisyon ng ordinansang ito na hindi maapektuhan ng nabanggit na deklarasyon.

Section 9. **Effectivity Date.** Ang ordinansang ito ay agad na magiging epektibo matapos itong maaprubahan ng Sangguniang Panlalawigan ng Lalawigan ng Cavite at matapos na ito ay mai-post sa website ng Sangguniang Panlungsod ng Bacoor (www.bacoorcitysp.com), sa website ng pamahalaang lungsod ng Lungsod ng Bacoor (www.bacoor.gov.ph), at sa tatlong pampublikong lugar sa loob ng Lungsod ng Bacoor.

IPINASA ng Ikaapat na Sangguniang Panlungsod ng Bacoor, Lalawigan ng Cavite ngayong ika-11 ng Mayo 2020.

Pinatutunayan ko na ang nabanggit na Ordinansa ay tama, makatotohanan, at naipasa ng naayon sa batas.


Pinatutunayan ni:





KGG. CATHERINE S. EVARISTO
Tagapangulo/ Pangalawang Punong Lungsod





DISTRICT I



HON. MIGUEL N. BAUTISTA
City Councilor


HON. MICHAEL E. SOLIS
City Councilor



HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA
City Councilor



HON. ADRIELITO G. GAWARAN
City Councilor



HON. VICTORIO L. GUERRERO, JR.
City Councilor



HON. ALEJANDRO F. GUTIERREZ
City Councilor

DISTRICT II



HON. ROBERTO L. ADVINCULA
City Councilor



HON. HERNANDO C. GUTIERREZ
City Councilor



HON. GAUDENCIO P. NOLASCO
City Councilor


HON. LEANDRO A. DE LEON
City Councilor


HON. ALDE JOSELITO F. PAGULAYAN
City Councilor


HON. ROBERTO R. JAVIER
City Councilor


HON. REYNALDO D. PALABRICA
City Councilor - Liga ng Brgy. President


HON. MAC RAVEN ESPIRITU
City Councilor - SK FEDERATION PRESIDENT

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.
Sangguniang Panlungsod Secretary

Certified by:

HON. CATHERINE SARINO-EVARISTO
City Vice Mayor / Presiding Officer

Approved by:

HON. LANI MERCADO - REVILLA
City Mayor

Pinapatotohanan ni:


ATTY. KHALID A. ATEGA JR.
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

Inaprubahan ni:


KGG. LANI MERCADO-REVILLA
Punong Lungsod